

Programang Section 100 Co-payment ng NSW



Impormasyon para sa mga pasyente

NSW Section 100 Co-payment Program - Information for patients

Filipino

Ang NSW Health ay nagbabayad sa **Pharmaceutical Benefit Scheme (PBS)** co-payment sa ilang mga gamot na napapailalim ng s100 para sa mga kwalipikadong residente ng NSW. Tumutulong ito na mapababa ang gastos sa mga gamot para sa mga taong namumuhay na may kanser at iba pang mga hindi gumagaling na malalang kondisyon. Ang co-payment ng PBS ay ang karaniwang halaga na ibinabayad mo sa iyong gamot na may subsidiya ng PBS.

Anong gamot ang napapailalim sa programa?

Ang NSW Section 100 Co-payment Program ay nailalapat sa mga sumusunod na medisina ng PBS:

- mga gamot na s100 na nasa listahan ng s100 Highly Specialised Drugs Program (Public Hospital and Community Access).
- mga gamot sa chemotherapy na iniiniksyon at natutunaw na nasa listahan ng s100 Efficient Funding for Chemotherapy (Public Hospital).
- Ang Programa ay hindi nailalapat sa mga gamot na s100 na inireseta ng mga tagapagbigay ng pribadong ospital o mga gamot na s100 para sa pagpapagamot na dahil sa pagdedepende sa opium.

Ako ba ay kwalipikado?

Suriin ang pamantayan sa ibaba upang malaman kung ikaw ay kwalipikadong bayaran ng NSW Health ang iyong co-payment para sa mga gamot na s100.

Pamantayan sa pagiging kwalipikado

Mga residente ng NSW na pasyente ng:

- mga pampublikong ospital ng NSW; o
- mga awtorisadong tagapagreseta ng komunidad sa NSW (para sa HIV at Hepatitis B, mga gamot at clozapine maintenance therapy); o
- isang espesyalista/tagapagreseta na mula sa ibang estado kung saan ang residente ng NSW ay nakatira sa isang lugar na nasa hangganan.

Mga iniresetang gamot na nakalista sa ilalim ng section 100 ng National Health Act 1953 para sa:

- mga s100 na Highly Specialised Drugs (Public Hospital), o
- mga s100 Highly Specialised Drugs-Community Access (para sa HIV, Hepatitis B at clozapine na mga gamot sa maintenance therapy lamang), o
- mga s100 na gamot sa chemotherapy na iniiniksyon at natutunaw.

Mga reseta na ginawa sa NSW sa pamamagitan ng:

- mga pampublikong ospital; o
- mga botika ng komunidad; o
- mga botika na ginagamit ng serbisyo sa oncology ng mga pampublikong ospital ng NSW.

Kung hindi ka sigurado kung ikaw ay kwalipikado, magtanong sa iyong doktor o parmasyutiko.

Bakit ko kailangang kumpletuhin ang isang porma ng pagpapahintulot?

Kinakailangan ng NSW Health ang iyong pagsang-ayon na bayaran nito ang co-payment para sa iyo. Ang porma ng pagpapahintulot ay nagpapakita sa parmasyutiko na ikaw ay kwalipikado. Ang impormasyon na nasa porma ng pagpapahintulot ay ginagamit upang gawin ang co-payment at maaari ring gamitin upang tasahin ang programa.

Paano ko kukumpletuhin ang porma ng pagpapahintulot?

Ikaw at ang iyong doktor ay maaaring kumumpleto ng isang Patient Consent Form (Porma ng Pagpapahintulot ng Pasyente), na makukuha mula sa website ng NSW Health

www.health.nsw.gov.au/pharmaceutical/s100copay/Documents/copayment-consent.pdf

Kung nawala, nasira o mahirap basahin ang iyong porma ng pagpapahintulot, palitan mo ito ng bagong porma mula sa iyong doktor. Maaari ka ring kumuha ng isang litrato ng iyong porma at ilagay ito sa iyong mobile phone. Dapat madaling mabasa ang lahat ng mga impormasyon sa porma.

Paano ko makukuha ang aking gamot na s100?

Dapat mong makuha ang iyong gamot na kagaya sa dati mong paraan.

Ang mga gamot na s100 ay makukuha mula sa mga botika ng mga pampublikong ospital ng NSW. Maaari mo ring makuha ang ilang mga gamot na s100 mula sa mga botika sa komunidad.

Ipakita ang iyong nilagdaang porma ng pagpapahintulot sa parmasyutiko tuwing kumpletuhin mo ang iyong reseta, kabilang ang anumang mga pag-uulit.

Kapag nauubos na ang iyong gamot na s100, magpunta sa iyong pinakamalapit na botika ng pampublikong ospital o makipag-ugnay sa iyong doktor sa lalong madaling panahon. Tawagan ang iyong botika sa komunidad nang maaga upang matingnan kung ang gamot mo ay nasa kanila o maaaring i-order ito.

Kung ang iyong gamot na s100 ay isang iniiniksyon o tinutunaw na chemotherapy mangyaring magpunta sa website ng NSW Health para sa karagdagang impormasyon

www.health.nsw.gov.au/pharmaceutical/s100copay/Pages/chemo-patients-factsheet.aspx

Karagdagang impormasyon

Mga s100 na co-payment sa NSW: www.health.nsw.gov.au/pharmaceutical/s100copay

Pagpapagamot nang dahil sa nakadepende sa opium sa NSW: www.health.nsw.gov.au/aod

s100 sa Pharmaceutical Benefits Scheme: <https://www.pbs.gov.au/browse/section100>

Highly specialised Drugs Program

- Pampublikong Ospital - <https://www.pbs.gov.au/browse/section100-hb>
- Pagkuha sa Komunidad - <https://www.pbs.gov.au/browse/section100-ca>
- Pampublikong Ospital - <https://www.pbs.gov.au/browse/section100/chemotherapy-public>



Para sa karagdagang impormasyon,
i-scan ang QR code